Point VIEWER Publishing

PVN

The Word of God

CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

1 Corinthians 1:10 NIV

I appeal to you, brothers, in the name of our Lord Jesus Christ, that all of you agree with one another so that there may be no divisions among you and that you may be perfectly united in mind and thought.

by: Bro. Ernie Acayan

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. 09 | ISSUE NO . 05 | AUG. 31 - SEPT. 06, 2026 | ₱ 15.00

Cavs, Nuggets, Clippers, nagkasundo sa panibagong multi-team trade P8

GOV. FERNANDO FIRES BACK AT VIRAL CRITICISM, ASKS WHERE P41-B WENT

PAHINA 2

PAHINA 2 **Bulkang Kanlaon nanatili sa alert level 2 matapos magbuga ng abo**

Ipo Dam, tumigil na sa pagpapakawala ng tubig; 2 iba pang dam, tuloy sa pagpapakawala PAHINA 3

Ombudsman, may hawak na 28-testigo laban kay dating House Speaker Martin Romualdez PAHINA 2

Senate ad hoc committee, bubuuin para buhayin ang ekonomiya ng PH PAHINA 3

DOLE, nagpaalalang maaaring mag-avail ng kompensasyon ang mga empleyadong nagtamo ng work-related injuries sa gitna ng kalamidad

P3

NBA star Jimmy Butler, nagsisimula na muling magsagawa ng workouts

PAHINA 8



EJ Obiena nagtapos sa pang-anim na puwesto sa Wanda Diamond League

PAHINA 8



Alex Eala, byaheng New York na para sa US Open

PAHINA 8

Sabalenka, pasok na sa Round of 16 ng Cincinnati Open

PAHINA 8



Carlos Yulo target na makamit ang unang gintong medalya sa Asian Games PAHINA 8

Gilas Pilipinas Women natapos na ang kampanya sa FIBA Pre-Olympic Qualifying Tournament PAHINA 8

Akbayan, hinamon si VP Sara na humarap sa impeachment trial PAHINA 2

Abogado ni Guteza, hindi na kinuwestyon ang kaniyang pagbawi sa orihinal na salaysay BASAHIN SA PAHINA 3

Roblox developers, tinutulan ang total ban sa Pilipinas

Mariing tinututulan ng Filipino Roblox Developers Association (FRDA) ang panawagang tuluyang ipagbawal ang online gaming platform na Roblox sa Pilipinas.

Ayon sa grupo, mas nararapat na tutukan ang mga feature, online community o communication channel na posibleng ginagamit sa mga bata para mahikayat na gumawa ng karahasan, kaysa sa kabuuang pagbabawal sa platform.West Philippine Sea

Tugon 'yan ng grupo matapos sabihin ni Interior and Local Government Secretary Jonvic Remulla na posibleng may impluwensya ang Roblox sa 14-anyos na sangkot sa Zamboanga school shooting noong Agosto 18.

Ayon sa FRDA, kahit tuluyang ipagbawal ang Roblox, hindi nito mapipigilan ang mga taong nanghihikayat sa mga bata na lumipat sa ibang online platforms.

Dahil maraming servers at iba't ibang uri ng content sa Roblox, sinabi ng grupo na dapat tukuyin muna kung aling partikular na feature, community o communication channel ang may problema bago ito ipagbawal sa bansa.

Hinamon din ng FRDA ang pamahalaan na ilabas ang malinaw na ebidensiyang nag-uugnay sa Roblox sa insidente.

Tinanggihan din ng grupo ang pahayag na ang pag-record ng insidente gamit ang first-person point of view o POV ay awtomatikong nangangahulugang ginaya ito mula sa isang first-person shooter game.

Itinanggi rin ng grupo na ang pag-record ng insidente gamit ang first-person point of view ay awtomatikong ginagaya nito ang isang first-person shooter game.

Ayon sa FRDA, natural lamang ang ganitong paraan ng pag-rerecord lalo na kung mag-isa ang taong kumukuha ng video.

Gov. Fernando Fires Back at Viral Criticism, Asks Where P41-B Went

Bulacan Governor Daniel R. Fernando clarified his viral response to a recent interview regarding more than ₱41 billion in flood-control projects in Bulacan, saying the public should focus on where the funds went and why flooding remains a problem in the province.

During his August 20 phone interview with broadcaster Ted Failon, Fernando was asked about the reported allocation for flood-control projects. His response, "I don't know. I have no knowledge about it," drew widespread attention and criticism on social media.

Fernando explained that he did not have the complete and exact data available at the time to provide a responsible answer. He stressed that saying he did not know the figures did not mean he was unaware of or indifferent to Bulacan's flooding problem.

"SAAN NAPUNTA ANG ₱41 BILYON? BAKIT LUBOG PA RIN SA BAHA ANG BULACAN?" Fernando said, pointing to what he described as the more important questions surrounding the flood-control projects.

The governor clarified that the reported ₱41 billion in flood-control projects is not under the direct control of the Provincial Government of Bulacan, but is funded, planned, contracted, and implemented by national government agencies. He said the provincial government has pursued measures to strengthen coordination, monitoring, and validation of national infrastructure projects in the province.

Fernando also reiterated his call for a comprehensive approach to the province's flooding problem, saying, "The need of Bulacan is an integrated, science-based and long-term flood-control solution."

Amid the controversy, Fernando urged the public to assess his leadership based on his work and decisions rather than a viral clip. "HUWAG NAMAN NINYO AKONG HUSGAHAN SA PARAAN LAMANG NG PAGSASALITA. HUSGAHAN NINYO AKO SA AKING TRABAHO, SA AKING MGA DESISYON, SA AKING PANININDIGAN, AT SA AKING PAGLILINGKOD SA MAMAMAYANG BULAKENYO," he said.



Ombudsman, may hawak na 28-testigo laban kay dating House Speaker Martin Romualdez

Ibinunyag ng Office of the Ombudsman na mayroon itong hawak na ilan pang mga testigo laban kay former House of Representatives Speaker Martin Romualdez.

Ayon sa opisyal na pahayag ng tanodbayan, meron dalawampu't walong testigo ang handang magturo at magsiwalat sa pananagutan ng dating house speaker.

Kaya anila raw ng mga ito na makapagbigay ng direkta at materyal na kaalaman sa mga transaksyong sinisiyasat sa kaso ni Leyte 1st District Rep. Martin Romualdez.

Kung saan isinasailalim na ang higit dalawampung testigo sa legal na proseso ng Office of the Ombudsman sa kasalukuyan.

Ibinahagi din sa opisyal na pahayag ng tanodbayan na ang mga testigong nababanggit ay mga taong nakauniporme at aktibo pa rin sa serbisyo.

Kasunod ang pahayag matapos mapaulat ang pagbawi ng dating sundalong si Orly Guteza sa kanyang naunang pahayag na pag-deliver ng male-maletang pera sa bahay ni dating House Speaker Romualdez.

Giit naman ng Ombudsman na hindi na bago ang recantation sa mga high-profile case at tinawag na classic pressure tactic lamang ang hakbang.

Kaya't ayon pa sa tanodbayan, hindi lamang umiikot sa iisa o iilang witnesses lamang ang buong imbestigasyon at makatitiyak na hindi hihinto ang paghahanap sa katotohanan.

Samantala, kinumpirma naman ni Assistant Ombudsman Mico Clavano ang paghahain ng dating house speaker ng 'counter-affidavit' nitong August 7, 2026 sa tanodbayan.

Nahaharap kasi sa mga reklamong plunder, graft, bribery, at money laundering ang mambabatas kaugnay sa pagkakasangkot nito sa maanomalyang flood control projects.
Mga Sikat na Quotation

Kaugnay dito'y inihayag ng kampo ni former House Speaker Romualdez na maghahain sila ng 'supplemental counter-affidavit' sa Ombudsman.

Kalakip daw sa dokumento ang mga sinumpaang salaysay ng 25-iba pang mga dating driver, at bodyguards ni former Ako Bicol Party-list Rep. Zaldy Co, kasama ang napaulat na 'recantation' ni Orly Guteza.

Bulkang Kanlaon nanatili sa alert level 2 matapos magbuga ng abo

Nagbuga ng abo ang Bulkang Kanlaon sa Negros Island nitong Linggo ng hapon, ayon sa Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs).

Naganap ang pagbuga ng abo dakong 1:12 p.m., ayon sa advisory ng Phivolcs.

Ang ibinugang abo ay umabot sa tinatayang 150 metro mula sa bunganga ng bulkan bago tinangay ng malakas na hangin patungong timog-silangan.

Patuloy namang nakataas ang Alert Level 2 sa Bulkang Kanlaon.

Sa ilalim ng Alert Level 2, posible ang biglaang phreatic o steam-driven eruption, gayundin ang mga senyales ng posibleng pagsisimula ng magmatic activity.

Dahil dito, patuloy na pinapaalalahanan ang publiko na manatiling alerto at sumunod sa mga abiso ng Phivolcs at iba pang awtoridad kaugnay ng aktibidad ng bulkan.

Akbayan, hinamon si VP Sara na humarap sa impeachment trial

Hinamon ng Akbayan Party-list si Vice President Sara Duterte na personal na humarap sa Senado kung nais nitong mapabilis ang impeachment trial laban sa kaniya.

Ito ay matapos sabihin ni Duterte na nais niyang mapabilis ang paglilitis upang agad na malaman ng publiko kung may katotohanan ang mga ibinibintang sa kaniya.

Sa isang panayam sa Zamboanga City nitong Miyerkules, sinabi ng Bise Presidente na hindi dapat patagalin ang proseso dahil patuloy na nagtatanong ang publiko kung totoo ang mga akusasyon laban sa kaniya.

Bilang tugon, hinamon ni Akbayan president Rafaela David si Duterte na dumalo mismo sa impeachment trial. Pinabulaanan din ni David ang pahayag ni Duterte na hindi na kinakailangan ang kaniyang presensya sa paglilitis.

Ayon sa Akbayan, maaaring humarap ang mga abogado ni Duterte para sa mga legal na argumento, ngunit hindi umano dapat tuluyang mawala sa proceedings ang Bise Presidente dahil siya mismo ang subject ng impeachment case.

Samantala, una nang iminungkahi ni House Prosecution Adviser at Surigao del Norte Rep. Robert Ace Barbers na gawing apat na araw ang impeachment trial upang matapos ito bago sumapit ang Pasko.

Point VIEWER Publishing PVN

LEMUEL D. JUNIO
Publisher

DARYL JETT M. ALVAREZ
Editor-in-Chief

JOEL A. CANTOR
Assistant

DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

INFORMATION

Contact Number
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
Website
www.pvnpvp.com
Email Address
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE

Commercial/Display: P200.00/column Centimeter
Classified/Legal Notice: P160.00/column Centimeter

PNP, pinaalalahanan ang mga tauhan na ilayo sa mga bata ang kanilang mga baril

Pinaalalahanan ng Philippine National Police (PNP) ang mga tauhan nito na maging responsable sa pag-iingat ng kanilang mga baril, lalo na kapag wala sila sa duty at nasa kanilang mga tahanan.

Ayon kay PNP chief Gen. Jose Melencio Nartatez Jr., kailangang tiyaking ligtas at hindi maaabot ng mga bata o iba pa ang kanilang mga baril.

Kasunod ito ng dalawang magkahiwalay na insidente ng pamamaril sa mga paaralan sa loob lamang ng halos dalawang buwan.

Noong Hunyo, tatlong estudyante ang nasawi sa isang school shooting sa Tacloban City. Nitong linggo naman, dalawang estudyante, kabilang ang hinihinalang gunman, ang namatay sa insidente sa Ateneo de Zamboanga University.

Sa dalawang insidente, ginamit umano ng mga menor de edad ang service-issued firearms na kinuha mula sa kanilang kamag-anak o magulang.

Iniutos din ng PNP sa mga police commander na regular na magpaalala tungkol sa wastong pag-iingat at pananagutan tuwing unit briefing at formation.

Samantala, sinabi ng PNP chief na maglalaan ang PNP ng mga tauhan at kagamitan para sa nationwide school safety drills ng Department of Education na nakatakda sa Agosto 25.

Legarda, nanawagan ng agarang aksyon sa classroom overcrowding sa public school

Nanawagan si Senator Loren Legarda ng agarang aksyon ng Kongreso para matugunan ang siksikan ng mga estudyante sa classroom ng mga pampublikong paaralan.

Ayon sa senadora, hindi lamang kalidad ng edukasyon ang naaapektuhan kundi pati ang kalagayan ng mga guro.

Bagama't bumaba na ang national student-to-classroom ratio, sinabi ni Legarda na hindi nito naipapakita ang tunay na kalagayan ng ilang lugar na nakararanas pa rin ng matinding overcrowding.

Batay sa 2025 study ng Philippine Institute for Development Studies (PIDS) at Second Congressional Commission on Education, bumaba mula 39 sa 32 estudyante bawat classroom ang average ratio sa public elementary schools noong 2021.

Sa junior high school naman, bumaba ito mula 54 tungo sa 44 na estudyante bawat classroom. Pero sa ilang paaralan sa National Capital Region, Calabarzon, Soccsksargen at Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao, umaabot pa rin sa mahigit 60 estudyante ang nasa isang classroom.

Ayon kay Legarda, maaaring makaapekto ang sobrang dami ng estudyante sa isang silid-aralan sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto, gayundin sa kapakanan ng mga guro.

Para matugunan ito, inihain ni Legarda ang Senate Bill No. 2397, o ang panukalang Public School Class Size Act.

Layunin ng panukala na magkaroon ng mas maayos na class size sa mga pampublikong paaralan at matiyak na may sapat na learning environment para sa mga estudyante at guro. Giit ni Legarda, kailangan ang agarang legislative action upang matugunan ang problema ng overcrowded classrooms at mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa bansa.

Ipo Dam, tumigil na sa pagpapakawala ng tubig; 2 iba pang dam, tuloy sa pagpapakawala

Tumigil na sa pagpapakawala ng tubig ang Ipo Dam sa Central Luzon, kasunod ng tuluyang pagbaba ng antas nito.

Batay sa August-21 report na inilabas ng Hydrology Division ng state weather bureau, nasa 100.93 meters na lamang ang antas ng tubig sa naturang dam – ilang sentimetrong mas mababa kumpara sa Normal High Water Level nito na 101.10 meters.

Unang nagbukas ng gate ang naturang dam nitong Miyerkules (Aug. 19), kasunod ng pag-apaw ng antas ng tubig nito dahil sa mabibigat na pag-ulang dala ng habagat.

Sa kabilang banda, patuloy na nagpapakawala ng tubig ang dalawang iba pang major dams sa Luzon na Binga Dam at Ambuklao Dam.

Nananatili kasing mataas ang antas ng tubig sa mga naturang dam dahil sa nagpapatuloy na pag-ulan sa watershed area ng mga ito.

Gayonpaman, mas mababa na ang bulto ng tubig na pumapasok sa mga ito kumpara sa mga nakalipas na araw.Hydropower

Nabawasan na rin ang bulto ng tubig na pinapakawalan ng dalawang dam kung kumpara kahapon at sa mga nakalipas na araw.

DBM, naglabas ng P27.41B medical aid para ibigay sa Pilipinong mahihirap

Naglabas ang Department of Budget and Management (DBM) ng P27.410 bilyong halaga para sa medical assistance sa mga mahihirap na Pilipino sa buong bansa.

Ayon sa ahensiya, gagamitin ang pondo sa patuloy na implementasyon ng Medical Assistance to Indigent and Financially Incapacitated Patients (MAIFIP) Program ng Department of Health (DOH).

Sa ilalim ng programa, binibigyan ng tulong ang mga pasyenteng hindi buong mabayaran ang kanilang gastusin sa pagpapagamot at iba pang medical services lalo na ang mga pamilyang nahihirapan sa gastusin ng kanilang pagkakaospital, medisina, emergency treatment, professional fees sa doktor at iba pang pangangailangang pangkalusugan.

Malaking parte rin ng pondo ay mapupunta sa Centers for Health Development (CHDs) para suportahan ang paghahatid ng medical assistance sa pamamagitan ng kanilang partner local government hospitals, privately owned institutions at iba pang health facilities sa bansa.

Susuportahan din sa pondo ang DOH hospitals sa Metro Manila at iba pang rehiyon gayundin ang pagpapatupad ng eMAIFIP sa pamamagitan ng eGovPH superapp. Ayon kay Budget Secretary KIm Robert de Leon, layunin ng paglalabas ng naturang pondo na maibigay ang tunay na tulong sa hospital level, kung saan hindi na kailangan pang balikatin ng mga pamilya ang gastusin mula sa kanilang sariling bulsa.

Senate ad hoc committee, bubuuin para buhayin ang ekonomiya ng PH

Inanunsiyo ni Senate President Sherwin Gatchalian ang pagbuo ng isang Senate ad hoc committee para buhayin ang ekonomiya ng bansa.

Ayon kay Gatchalian, posibleng ilunsad ang komite sa sunod na linggo na tatawaging "Reinvigorate Investment and Sustainable Economic Growth o RISE Ad Hoc Committee". Makikibahagi rito ang mga tumatayong Chairpersons mula sa iba't ibang komite ng kapulungan para talakayin ang mga hakbang para makatulong na maiangat ang ekonomiya ng bansa.

Inihayag ng Senate President sa isang event na humina ang paglago ng ekonomiya ng bansa sa mga nakalipas na kwarter at mayroong ding ilang external challenges, kayat marapat aniyang pag-usapan ang pag-review sa ekonomiya sa pamamagitan ng legislation.

Inaasahan naman ng Senate President na magkakaroon ng mga rekomendasyon sa Pangulo gayundin para sa legislation at alokasyon ng pondo para sa ilang mga programa tulad na lamang ng micro, small and medium enterprises (MSMEs).

Muli ring nagpahayag ng suporta si Gatchalian sa Pax Silica initiative na aniya'y lilikha ng mga trabaho at magpapalakas sa ekonomiya. Subalit, tiniyak din ng senador ang pag-review at monitor sa proyekto upang maging kapaki-pakinabang ito sa mga Pilipino at maprotektahan ang kalikasan.

Abogado ni Guteza, hindi na kinuwestyon ang kaniyang pagbawi sa orihinal na salaysay

Hindi na umano kinuwestyon ni Atty. Melvin Calimag ang tuluyang pagbawi ni Orly Guteza sa kaniyang orihinal na salaysay.

Si Calimag ang nag-notaryo sa bagong salysay ni Guteza kasunod ng kaniyang recantation.

Ayon sa abogado, tinanong lamang niya si Guteza kung naintindihan niya ang kanyang inilahad sa salaysay na nakasulat (typewritten) sa Filipino – bagay na positibo namang sinagot ng kaniyang kliyente.

Tumagal lamang aniya ng 15 hanggang 20 minuto ang kanilang transaksiyon, kasama na ang pagpapaliwanag sa nilalaman at konteksto ng kaniyang affidavit.

Ayon pa sa abogado, pinili ng dating sundalo na sa ibang lugar gawin ang pagnonotaryo ng kanyang affidavit dahil na rin sa kaniyang seguridad, at hindi na rin umano niya ito kinuwestyon. Mga Mapagkukunan ng Manunulat

Kahapon (Aug. 19) ay tuluyang binawi ni Guteza ang kaniyang alegasyon na naghatid siya ng male-maletang pera kay dating House Speaker Ferdinand Martin Romualdez bilang bahagi ng kaniyang kickback sa mga ipinatayong flood control project.

Unang lumutang si Guteza sa isang pagdinig ng Senate Blue Ribbon Committe bilang surprise witness ni Sen. Rodante Marcoleta at nagpakilalang dating bodyguard ni dating Rep.. Elizaldy "Zaldy" Co.

Gayunpaman, sa kaniyang pagbawi sa naunang alegasyon, idinawit na niya si Sen. Marcoleta na umano'y namilit lamang sa kaniya upang lumantad at ilahad ang naunang testimoniya.

PNP, hihigpitan ang firearm security rules sa mga pulis kasunod ng Zamboanga school shooting

Hihigpitan ng Philippine National Police (PNP) ang mga panuntunan para sa seguridad ng mga baril na inisyu sa mga pulis kasunod ng pamamaril sa loob ng Ateneo de Zamboanga University noong Martes, Agosto 18.

Ayon sa PNP, inatasan na ni PNP chief PGen. Jose Melencio Nartatez Jr. ang mga commander na paalalahanan ang mga pulis sa wastong pag-iingat at paghawak ng baril kapag sila ay off duty at nasa bahay. Hindi dapat na iwanan ang mga baril sa mga lugar na madaling ma-access ng mga bata.

Sinabi din ng hepe ng pambansang pulisya na dapat na isama ang mga paalala hinggil sa firearm accountability sa unit briefings at formations para mapataas ang kamalayan ng mga pulis at maiwasan ang mga insidente gaya ng hindi maayos na pagtatago ng baril. Binigyang-diin ng PNP chief na maaaring magresulta sa pagkawala ng buhay ang kagyat na pagpapabaya. Kaugnay nito, sinabi ng heneral na suportado nila ang mas mahigpit na pananagutan sa mga gun owner at iginiit na "non-negiotiable" ang responsableng pagtatago ng mga baril.

Ginawa ng PNP chief ang naturang direktiba kasunod ng marahas na pamamaril kamakailan sa loob mismo ng paaralan sa Zamboanga kung saan ang ginamit na mga baril ng estudyanteng suspek ay mula sa kaniyang ama na isang Customs Police chief. Lumabas sa inisyal na imbestigasyon na kinuha ng bata ang mga baril mula sa sasakyan ng kaniyang ama, kung saan nakatasilid ang mga baril.

Rep. Cendana, magsasampa ng kaso sa umano'y mapanirang posts online laban sa kanya

Hindi na palalampasin ni Akbayan Partylist Representative Perci Cendana ang mga personal na atake sa kanya sa social media, lalo na ang mga komentong ginagamit ang kanyang kapansanan para siya ay pahiyain at kutyain.

Ayon kay Cendana, normal lamang ang batikos at pagpuna sa trabaho ng isang government official, ngunit may hangganan ang kritisismo kapag nauuwi na ito sa personal na pag-atake, harassment at diskriminasyon. Pulitika (Kaliwa)

Sinabi ng mambabatas na nakatanggap siya kamakailan ng mga batikos online na nakatuon sa kanyang pisikal na anyo at medical condition.

Aniya, hindi niya itinuturing na problema ang lehitimong puna sa kanyang trabaho bilang public official, ngunit hindi niya hahayaan ang paggamit sa kanyang kapansanan upang siya ay gawing katatawanan.

Ipinaalala ni Cendana na ang kanyang kapansanan ay resulta ng stroke na kanyang naranasan.

Binigyang-diin din ng mambabatas na hindi dapat gawing biro o gamitin bilang sandata ang kapansanan upang tanggalan ng dignidad ang isang tao.

Sinabi ng kongresista na nakikipag-ugnayan na siya sa kanyang mga abogado para sa pag-aaral ang posibleng pagsasampa ng kaso laban sa mga responsable sa naturang mga post.

Gayunpaman, nilinaw ni Cendana na patuloy niyang tatanggapin ang lehitimong kritisismo at public scrutiny sa kanyang trabaho.

Pero iginiit niya na ang mga pag-atakeng nauuwi sa harassment, panghihiya at diskriminasyon ay dapat nang harapin sa ilalim ng batas.

DOLE, nagpaalalang maaaring mag-avail ng kompensasyon ang mga empleyadong nagtamo ng work-related injuries sa gitna ng kalamidad

Nagpaalala ang Department of Labor and Employment (DOLE) sa mga empleyado na nagtamo ng work-related injuries na maaaring mag-avail ng kompensasyon sa gitna ng tumamang kalamidad sa bansa.

Nakapasailalim ito sa Employees' Compensation Program ng Employees' Compensation Commission (ECC), na idinisenyo para protektahan ang kapakanan at financial security ng mga manggagawa. Ayon kay ECC Executive Director Kaima Velasquez, ang saklaw ng kompensasyon ay hindi lamang limitado sa panahon na nasa lugar ng trabaho. Ang naturang tulong pinansyal aniya ay nagsisilbing kapalit ng sahod para sa mga empleyado na pansamantalang hindi makapasok sa trabaho dahil sa job-related accidents o nagkasakit, hanggang sa gumaling at makabalik sa normal na trabaho.

Maaari ring humiling ang mga pribadong empleyado ng ganitong benepisyo sa pamamagitan ng pag-file ng claims sa Social Security System (SSS) habang ang government workers naman ay maaaring mag-file ng claims sa Government Service Insurance System (GSIS).

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFFICIO SHERIFF
MANDALUYONG CITY
E-mail: rtc1mdlocc@judiciary.gov.ph (639952598147)

BDO UNIBANK, INC.,
Mortgagee,

-versus-

FRE-MC26-2269
Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act No. 3135, as amended by Act No. 4118

CARLOS MELEGRITO ESTRADA,
Debtor/Mortgagor.
x--x

NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **BDO UNIBANK, INC.,** Mortgagee, against **CARLOS MELEGRITO ESTRADA,** Debtor/Mortgagor, with postal address/es at (1) No. 2208 Don Chino Roces Avenue, Unit 1420, Makati City 1231; (2) Unit 29P, Eastwood Global Plaza, Palm Tree Avenue, Bagumbayan, Quezon City; and (3) Unit 3923, 39th Floor, Building 2, Fame Residences, EDSA, Barangay Highway Hills, Mandaluyong City 1550, to satisfy the mortgaged indebtedness which as of **July 6, 2026** amounts to **FIVE MILLION FIVE HUNDRED FORTY-FIVE THOUSAND EIGHT HUNDRED FORTY-ONE & 60/100 PESOS (P5,545,841.60) ONLY** Philippine Currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the Ex-Officio Sheriff of Mandaluyong City or his duly authorized deputy will sell at PUBLIC AUCTION to the HIGHEST BIDDER FOR CASH OR MANAGERS CHECK and in Philippine Currency on **September 30, 2026 at 9:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 12:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of Mandaluyong City Hall, Maysilo Circle, Mandaluyong City,** the following Condominium unit/s with all the improvements existing thereon, to wit:

CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE
NO. 008-2025002527
Registry of Deeds – Mandaluyong City

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

TOWER 2
UNIT NO. : 3923
FLOOR LEVEL: THIRTY-NINTH FLOOR
UNIT DESCRIPTION: 1 BR WITH BALCONY
APPROX. AREA : 24.1

OF THE "FAME RESIDENCES" CONDOMINIUM PROJECT

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2014000521 which embraces and describes the land located at MANDALUYONG CITY with an area of (EIGHTEEN THOUSAND NINE HUNDRED SEVEN (18,907)) Square Meter x x x x x

"All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on October 7, 2026, 9:00 A.M. or soon thereafter without further notice."

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrances thereon, if any there be.

Mandaluyong City, Philippines, August 6, 2026.

FOR THE EX-OFFICIO SHERIFF

BY:

(SIGNED)
VICTOR M. PE BENITO
Sheriff IV

Copy furnished:

MS. APRIL ROSE C. PAPA

CARLOS MELEGRITO ESTRADA
(1) No. 2208, Don Chino Roces Avenue, Unit 1420, Makati City 1231
(2) Unit 29P, Eastwood Global Plaza, Palm Tree Avenue, Bagumbayan, Quezon City 1109
(3) Unit 3923, 39th Floor, Building 2, Fame Residences, EDSA, Barangay Highway Hills, Mandaluyong City

WARNING:

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of Auction Sale, under penalty of the Law.

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: August 24, 31 & September 07, 2026

'Warning signs' sa mga batang maaaring mauuwi sa karahasan, senyales na dapat mag-intervene at 'di dapat lagyan agad ng label

Hindi dapat agad ituring na mapanganib o marahas ang isang batang nagpapakita ng pagbabago sa kilos o pag-uugali.Karahasan at Abuso Ito ang iginiit ng isang eksperto kasunod na rin ng kamakailang insidente ng pamamaril sa isang paaralan sa Zamboanga City.

Sa eksklusibong panayam kay Ma. Jessica Quiambao, isang guidance counselor, sinabi niyang mahalagang maging mapagmatyag ang mga magulang at guro sa mga makabuluhang pagbabago sa isang bata, lalo na kung nakararanas ito ng bullying o iba pang mabigat na sitwasyon.

Ayon kay Quiambao, ang mga warning signs ay dapat maging hudyat para makialam at umunawa, sa halip na maging dahilan para agad siyang lagyan ng label.

Mahalaga aniyang itanong hindi lamang kung ano ang problema ng bata, kundi kung ano ang pinagdaraanan nito at kung paano siya matutulungan.Nilalamang Paano, DIY at Pang-eksperto

"Hindi naman ibig sabihin na 'pag nakita natin ang mga warning signs na ito is an opportunity para i-label natin ang isang bata na dangerous or violent. I think it's important that warning signs are invitation to intervene and not to really label someone," saad nito.

Samantala, binigyang-diin din niya na mahalagang bantayan ng mga magulang at guro ang sarili nilang kalagayan dahil maaari rin silang makaranas ng burnout.

Aniya, hindi laging kayang maging matatag at mahaba ang pasensya ng mga adults, kaya mahalagang humingi ng suporta o professional help kapag hindi na kayang harapin ang mga hamon nang mag-isa.

Dagdag pa ni Quiambao, ang paghingi ng tulong ay hindi kahinaan, kundi pagkilala na kailangan ng suporta bago maapektuhan ang kanilang kakayahang gampanan ang mga responsibilidad.

"Tayong mga adults sometimes, we need to understand na we also have our own limits. Siguro importante na masabi natin na sometimes it's okay to seek support 'pag alam natin sa sarili natin na di na natin kaya. It means that we are not guilty for not being okay but it means that we are recognizing that we need support before we areached a point were we can no longer function well, " dagdag pa niya.

Bulkang Kanlaon, patuloy ang pagbuga ng abo ngayong Sabado

Patuloy ang pagbuga ng bulkang Kanlaon ng makapal na abo ngayong Sabado, Agosto 22.

Base sa time-lapse camera footage na inilabas ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs), naobserbahan ang paglalabas ng bulkan ng makapal na abo na umabot ng hanggang 150 metro ang taas sa ibabaw ng summit crater bago mapadpad sa timog-silangang direksiyon dahil sa malalakas na hangin.

Nauna nang iniulat ng ahenya na mula alas-12:00 ng madaling araw ng Biyernes hanggang alas-12:00 ng umaga ngayong Sabado, walong volcanic earthquakes ang naitala sa bulkan.

Sa kabila nito, sinabi ng ahensiya na nananatili sa Alert Level 2 ang bulkan, nangangahulugang nasa moderate level of volcanic unrest ito. Ipinapahiwatig nito na may mataas na posibilidad na may umuusbong o gumagalaw na magma sa ilalim na maaaring magdulot ng pagsabog.

Kaugnay nito, pinapaalalahanan ang publiko na mahigpit na ipinagbabawal ang pagpasok sa 4-kilometer Permanent Danger Zone (PDZ), hindi rin pinapayagan ang pagpapalipad ng anumang aircraft malapit sa tuktok ng bulkan at kailangan maging alerto ang mga nakatira malapit sa bulkan para sa posibleng pagtaas pa ng alerto.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
BRANCH 176, MANILA
7th Floor, Parkview Plaza Building, T.M. Kalaw St., corner Taft Ave., Ermita, Manila.
Tel No. (02) 8628-2988
E-mail: rtc1mnl176@judiciary.gov.ph

IN THE MATTER OF THE PETITION FOR CORRECTION OF THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH OF ANGEL PERALES RAMILO, BEARING REGISTRY NO. 8612127, TO CORRECT THE ERRONEOUS ENTRY OF THE PETITIONER'S FIRST NAME AND SURNAME FROM "ENGELL CANIZARES" TO "ANGEL RAMILO" UNDER ITEM NO. 1 OF THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH, AND TO CORRECT THE ERRONEOUS ENTRY OF THE FATHER'S NAME FROM "ANGELIO L. CANIZARES" TO THE TRUE NAME "PEDRO RAMILO" UNDER ITEM NO. 9 THEREOF.

ANGEL PERALES RAMILO,
Petitioner,

CASE NO. R-MNL-26-03303-SP
For: Correction of Entry

-versus-

PHIILIPPINE STATISTICS AUTHORITY, CIVIL REGISTRAR GENERAL, LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA, AND ALL PERSONS/ENTITIES WHO/WHICH MAY BE AFFECTED THEREBY,
Respondents.
x------------------------------------x

ORDER

Before this Court is an amended verified petition seeking the correction and annotation, in the records of the Local Civil Registrar of Manila City and in the Certificate of Live Birth of the herein Petitioner. Specifically, the petition prays for the correction of the Petitioner's first and last name from "ENGELL CANIZARES" to "ANGEL RAMILO", and the corresponding correction of the entry pertaining to his father's name from "ANGELIO L. CANIZARES" to "PEDRO RAMILO", so that his true, correct and legally recognized name will be reflected therein.

This amended verified petition is hereby set for hearing on **September 30, 2026, in the morning** before the Regional Trial Court, Branch 176, Manila, located at the 7th Floor, Parkview Plaza Building, Kalaw Road corner Taft Avenue, Ermita, Manila.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks, to be chosen by the Office of the Clerk of Court through the Office of the Executive Judge, pursuant to Presidential Decree No. 1079.

The Local Civil Registrar of Manila, through the Office of the Solicitor General, as well as any person who has or claims any interest in the entries sought to be corrected, may file their opposition thereto within fifteen (15) days from receipt of notice or from the last date of publication of this Order.

Let copies of the amended verified petition, together with its annexes, and this Order be furnished to the respondents.
SO ORDERED.
Manila, Philippines, July 16, 2026.

(SIGNED)
CLYDE L. ASUAL
Presiding Judge

Copy Furnished:

ATTY. MIGUEL CASTILLO
ATTY. IVY S. EDODOLLON
Counsel for the Petitioner
Unit 19M, Tower1, The Columns Legaspi Village
1229 Antonio Arnaiz Ave., Legaspi Village Makati City,
1223 Metro Manila
E-mail: sanishinternational.legal@gmail.com

LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA
Ground floor, Manila City Hall, A Villegas Street, Ermita, Manila

PHILIPPINE STATISTICS OFFICE
PSA Complex, East Avenue, Diliman, Quezon City

OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL
